Upang matulungan kang bumoto para sa eleksyong ito

- Ang mga kandidato ay nakalista sa dokumentong pamboto sa ilalim ng eleksyong kanilang tinatakbuhan.
- Nilagyan namin ng color code ang dokumentong pamboto at itong profile book upang matulungan kang itugma ang mga posisyong tinatakbuhan at profile ng kandidato.
- Ang buklet na ito ay maaaring maglaman ng iba pang mga halalan na hindi angkop sa iyo.

Ang mga matagumpay na kandidato ay gumagawa ng mga desisyong nakakaapekto sa ating lahat araw-araw. Makikita mo ang lahat o ilan sa mga posisyong ito sa iyong dokumentong pamboto:

- **Ang Alkalde (Mayor)** ay ang pinuno ng Konseho ng Lungsod o Distrito.
- **Ang Konseho ng Lungsod o Distrito (City or District Council)** ay nagbibigay sa mga komunidad ng malawakang mga local na serbisyo at pasilidad. Ang mga konseho ay gumagawa ng mga desisyong nakakabuti sa kapakanan ng komunidad kabilang ang mga pangunahing imprastraktura (hal. supply ng tubig, alkantarilya, mgakalsada), mga local na regulasyon, mga pasilidad sa libangan, mga parke, mga isyu sa pagpaplano at gusali. Ang konseho ay maaaring mahalal na 'at-large' o nahahati sa mga purok (kabilang ang pangkalahatan o Māori).
- **Ang Konseho ng Rehiyon (Regional Council)** ay gumagawa ng mga desisyon tungkol sa mga tungkuling sumasaklaw sa rehiyon tulad ng pamamahala ng likas na yaman (hal. kalidad ng tubig, paglalaan ng tubig, lupain at lupa, pagpaplano sa baybayin, mga halaman at pagkontrol sa peste), transportasyong pangrehiyon, at pampublikong kaligtasan at pamamahala sa emerhensiya. Ang mga Unitary Authority ay gumaganap ng mga tungkulin sa mga Konseho ng Lungsod o Distrito at Mga Konseho ng Rehiyon. Ang konseho ng rehiyon ay nahahati sa mga constituencies (na maaaring pangkalahatan o Māori).
- **Ang Community Board** ay namumuno upang mabigyang kapangyarihan ang mga local na komunidad at maaaring gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga local na isyu o magrekomenda kung paano dapat gumastos ng pera ang Konseho sa mga local na serbisyo. Ang mga Community Board ay maaaring hatiin sa mga subdibisyon.
- Umiiral ang **Licensing Trust** upang magbenta ng alak nang responsible sa mga pinagkakatiwalaang lugar at magpasya kung paano ibabalik ang labis na kita sa komunidad. Ang Community Trust at iba pa ay sumusuporta sa gawaing kawanggawa. Ang mga Licensing Trust ay maaaring hatiin sa mga ward.
- Maaaring mayroon ding isang **Poll o Referendum** sa iyong dokumentong pamboto. Ang iyong boto dito ay nakakatulong sa Konsehong makagawa ng mga desisyon sa isyung isinasaalang-alang.

Mga mahahalagang petsa para sa eleksyong ito

Ihulog
Ito sa isang ballot box sa mga piling lokasyon **bago magsara ang halalan** - para sa mga lokasyon ng ballot box tingnan ang loob ng iyong voting pack o bisitahin ang website ng iyong Konseho.
o

Ibalik
Ito sa loob ng freepost envelope nang hindi lalampas sa **Martes, 7 Oktubre 2025.**

Ang halalan ay magsasara sa alas-12, Tanghali, Sabado, 11 Oktubre 2025

Kailangan mo ba ng karagdagang tulong? Maaari mong hilingin sa ibang tao na tulungan kang markahan ang dokumento kung hindi ka nakakita nang mabuti o nakakapagbasa o nakakapagsulat o nahihirapan sa Ingles. Kung hindi ka sigurado sa gagawin, o nagkamali na hindi mo maitama nang malinaw, makipag-ugnayan sa opisyal ng halalan sa numerong makikita sa dokumentong pamboto.